## DITO PO SA AMIN

*MSg Roberto D Gimenez (Cav) PA, SM, 2nd Cav Sqdrn, Mech Div, PA*

Mainit na talakayan ngayon sa mga kasundaluhan ang paksang "NCO Empowerment." Ano ba ang programang ito at paano ang sistema o ano ang mga bagay-bagay na nakapaloob dito?

Upang higit nating maunawaan ay ating alamin muna ang ibig sabihin at layunin nito. Sinasabi na ito ay **"isang proseso ng pagpapalakas at pagpapasigla sa kakayahan ng kasundaluhan lalo na sa mga "Di-Hirang na Opisyal (NCO)" sa pakikilahok sa paggawa ng desisyon, pagpapatupad nito at pagpapalakad ng yunit**." Ang layunin o adhikain ng pamunuan tungkol sa **"NCO Empowerment"** ay **"Maibalik sa dating antas o kalagayan na tulad noon kung saan ang mga "Di-Hirang na Opisyal " ang siyang maaasahang nagpapalakad sa mga pang-araw-araw na gawain ng isang yunit ayon sa takda ng tungkulin at responsibilidad base sa kanilang ranko at posisyon.**" Dito pa lamang ay malinaw na ang NCO Empowerment pala ay parte na ng sistema ng Sandatahang Lakas na umiiral noon pa man. At sa pagdaan ng mga taon ay unti-unti ng nawawala ang kalidad ng ating mga NCO sa pagtupad sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad kung kaya't binibigyang priyoridad ng ating pamunuan ang programa sa layuning maibalik ang mataas na kalidad ng ating mga kasundaluhan.

Ano nga ba ang dahilan at ang kalidad ng pamumuno ng ating mga NCO ay bumababa? Unang-una marahil na dito ay ang kakulangan sa kaalaman at pang-unawa sa bawat tungkulin at responsibilidad ayon sa takda ng ating mga ranko at posisyong hinahawakan. Ito ay dahil sa kabila na ang mga kaalamang ito na itinuturo naman sa atin sa ating mga pag-aaral at pagsasanay bukod pa rito ang TI & E ay hanggang sa school at text book lamang nagkakaroon ng buhay at pagkatapos ay hindi natin ito isinasagawa sa ating pang-araw-araw na gawain. Isa pang masakit isipin ay ang ating maling pananaw, pag-iisip at pagkilos kung tayo ay tumataas ang ranko at nabibigyan ng posisyon. Ang una nating iniisip ay ang pagtaas ng ating sahod at ang mga pribilehiyong kaakibat ng ating ranko at posisyon at hindi ang ating dapat maging pagtanggap at pagtupad sa tungkulin at responsibilidad na kaakibat nito. Marami pang dahilan kung bakit ngunit sa palagay ko unti-unti na tayong namumulat na dapat na tayong magbago ay isaayos ang ating mga sarili upang matupad natin ang ating sinumpaang tungkulin sa ating Inang Bayan.

Matapos na ako ay makapagsanay ng Sergeant Major Course at mahirang na Punong Sarhento ng 2nd Cavalry Squadron noong taong 2012, agad akong kinausap ng aking Pinuno tungkol sa kanyang hangarin at sa aking magiging tungkulin at responsibilidad. Dahil dito, kinunsulta ko ang aking mga First Sergeants at mga Key NCOs tungkol sa aking mga balakin ayon na rin sa kagustuhan ng aming Pinuno. Ipinaliwanag ko ang mga magiging programa ng yunit, mga dahilan at kung paano namin ito maisasagawa. Nauna na rito ay ang pagsasagawa ng NCO Leadership Forum nitong buwan ng Hulyo kung saan ay masinsinang itinuro ang mga bagay-bagay tungkol sa mga dapat ikilos at malaman ng isang NCO lalo na sa kanilang mga Gawain, Tungkulin at Responsibilidad; Propesyonalismo; Kredo ng NCO, tamang pagbibigay ng grado sa EPEM; paggawa ng pansariling ATR Scorecard; at marami pang paksa na dapat malaman ng mga kasundaluhan. Ang aktibidad na ito na nilahukan ng mahigit limampung (50) kasundaluhan na nagmula sa bawat kumpanya ng yunit. Ito ay naisagawa at naisakatuparan sa pamamagitan lamang ng pagkilos at pagtutulungan ng mga piling NCO. Matapos nito ay agad inutusan ang mga lumahok na sila naman ang magturo sa kani-kanilang yunit at kasamahan upang ganap na maipaalam sa lahat ang kaalamang dapat taglayin ng bawat isa at ang mga programa at balakin ng yunit para sa ating mga kasundaluhan. Bukod dito, amin ding inilunsad ang programa kung saan ang bawat isa ay magkakaroon ng partisipasyon sa pagdisiplina, paghubog sa kaalaman, kasanayan at pag-uugali na dapat taglayin ng isang sundalo.

Dagdag pa sa regular na gawain upang ganap na linangin at mahubog ang aming mga kasundaluhan ay hikayatin silang mahilig sa pagbabasa ng diyaryo o iba pang babasahin sa harapan ng mga kasamahan upang masanay sila sa pagsasalita, pagharap sa kapwa tao at maitaas ang antas ng kanilang pagtitiwala sa sariling kakayahan. Ganoon din naman upang madagdagan ang kanilang kaalaman lalo na sa mga kasalukuyang pangyayari. Sa linguhan naming paglilibang (film showing), pinipili namin ang mga panoorin na ang bawat sundalo ay may matututunan na magandang aral at maiuugnay ang buhay nila sa tema ng napanood. Kasama na rin sa dalawang nabanggit na programa sa itaas ang talakayan at pagpasa ng asignatura ayon sa kanilang natutunan at opinyon sa nabasa at napanood.

At upang higit pang mapahusay ang kanilang kakayahan, sa tuwing magsasagawa kami ng pagsasanay, pumipili kami ng ibat-ibang sundalo upang siyang maging tagapagpakilala at tagapagsalita tuwing ang pagsasanay ay magsisimula at magtatapos na. Ganito na rin ang aming ginagawa sa iba pa naming mga aktibidades ng yunit. Ang mga papel na dati ay laan lamang sa mga opisyal ay buong tiwala na nilang ibinibigay sa mga kasundaluhan upang higit na mapabilis at mapataas ang kalidad ng aming mga kasundaluhan. Dagdag pa rito, itinuro na rin ang pagsasagawa ng counselling at mentoring upang ang bawat NCO ay maaari ng makapagbigay ng magandang payo sa mga sundalong nasa ilalim ng kanyang ranko. Ito ay upang ganap din nilang maisabuhay ang tamang pamumuno at paghubog sa kaalaman at kasanayan ng mga sundalong nasasakupan ng kanilang ranko at posisyon. Ginawa na ring polisiya o alituntunin ng yunit na ang bawat bagong sundalo na nataas ng ranko lalo na at NCO ay magre-report sa Punong Sarhento upang mapaliwanagan sa kanyang magiging gawain, tungkulin at responsibilidad. Sa mga pagpupulong at gawain ng yunit, sila ay hinihikayat at binibigyan ng pagkakataon na maibigay ang kanilang saloobin at opinyon para sa mga bagay-bagay na makakatulong upang maisagawa ang mga balakin at programa ng yunit.

Dito po sa amin, masasabi kong malayo na rin ang aming nilalakbay tungo sa muling pagpapalakas at pagpapasigla sa kakayahan ng ating kasundaluhan na matugunan ang aming takdang gawain, tungkulin at responsibilidad. Ito ay bunsod na rin sa pagtutulungan ng bawat kasundaluhan at sa malaking suporta at tiwala na ibinibigay ng aming mga pinuno.




Masigasig troopers headed by MSg Roberto D Gimenez (Cav) PA, SM, 2nd Cav Sqdrn.pose for a souvenir photo at the Hqs, 2nd Cav Sqdrn on 13 September 2013.



MSg Roberto D Gimenez (Cav) PA, SM, 2nd Cav Sqdrn conducts lecture on Leadership as part of the NCO Empowerment of the Masigasig Troopers at Hqs, 2nd Cav Sqdrn in Camp Nakar, Lucena City on 10 September 2013.